# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## Course100 Primeval History

### CBS108 Reflections

**Conrad Jun Tolosa**

*A.* Sa America at sa mga tinatawag na secular societies tulad ng maraming bansa sa Europa, pinagbabawal ng gobyerno ang pagtuturo na mayroong Diyos. Para sa mga pamunuan ng mga bansang ito, ang basihan ng katotohanan ay Science. Kaya pagdating sa pinagmulan ng sansinukob, ang tinuturo sa mga estudyante sa mga public schools ay ang Big Bang Theory at sa pinagmulan naman ng tao ay ang Theory of Evolution.

Kung babalikan natin ang pinakasimula ng realidad o ng lahat ng bagay, dalawa lamang ang ating options: eternal being or eternal matter na may taglay na liquid at gases. Sapagkat alam natin na mayroon tayong self-consciousness, o may awareness tayo na tayo ay nabubuhay, kapag inisip natin kung saan tayo nagmula, isa lamang ang matinong conclusion na ating daratnan sa kaduluduluhan - - na tayo ay galing sa isang self-aware, intelligent eternal being na may taglay na kapangyarihan na lumikha. Ang paniwalaan na ang isang non-conscious, unintilligent matter na biglang sumabog ang pinanggalingan ng being na tulad natin ay maliwanag na kabaliwan. Kaya pala ang sabi sa Psalm 14:1 na hangal ang nagsasabing walang diyos.

Kung ikaw ay may anak na nag-aaral sa public school, alam mo ba kung ano ang tinuturo sa kanyang school patungkol sa Creation? Kung ang Big Bang Theory at Theory of Evolution ay tinuturo ni teacher, ano ang nararapat mong gawin?

*B.* Dito sa ating bansa marami ang naniniwala na maaaring makipag-negotiate sa Diyos. Halimbawa, sasabihin sa Diyos na, *Magdarasal ako ng 10 araw, at ito ang hinihiling ko sa Iyo.* O kaya naman ay, *Kapag pinagaling mo ako sa aking sakit, paglilingkuran Kita ng lubusan.* Napansin na ba ninyo na kapag fiesta, binibihisan ng magarang damit ang mga santo at santa bago iprosisyon? Ang dahilan nila ay nakakahiya naman sa kanya; baka sabihin niya na hindi namin siya inaasikaso kaya baka hindi niya kami paboran. At, balita na ang malaking magbigay ng abuloy sa simbahan ay ang mga magnanakaw sa gobyerno. Naniniwala kasi sila na dahil dito ay mababawasan ang kanilang kasalanan. Ang mga practices na ito ang nagpapatunay na hindi kilala ng karamihan dito sa ating bansa ang tunay na Diyos; ang Diyos na nagpapahayag ng katotohanan tungkol sa Kanyang sarili sa Bible.

Ano ang iyong pagkakilala sa Diyos? Paano Siya tumutugon sa ating panalangin? Paano tayo dapat manalangin ayon sa turo ni Cristo? Ang Diyos ba ay fashion conscious tulad ng tao? Siya ba ay nalalagyan tulad ng mga mangungurakot sa gobyerno? Isulat mo ang mga alam mong attributes ng Diyos.

*C.* Paano sasambahin ng tama ang Diyos na hindi nakikilala? Imposible, di ba? Kung ang pagsambang ginagawa ay ang pag-recite ng mga memorized prayers, ito ay hindi pagsamba sa espiritu at katotohanan. Kung ang pagsamba ay ang sundin ang pag-upo, pagtayo, pagluhod at pag-upo na ginagawa sa loob ng simbahan, ito ay hindi pagsamba sa espiritu at katotohanan. Ito ay ritual. Paano paglilingkuran ng tama ang Diyos na hindi nakikilala? Imposible talaga.

Kung ang paglilingkod sa Diyos ay ginagawa dahil sa sariling satisfaction o obligasyon, o para sa material reward na inaasahang tatanggapin pagkatapos ng paglilingkod, ito ay hindi paglilingkod sa Diyos. Ito ay pang-sarili. Ano mang ganda ng plano, kung ang pakay, pamamaraan, funding o motibo ay hindi sang-ayon sa kalooban ng Diyos, walang maitutulong ito tungkol sa kaligtasan ng tao.

Sinasabi sa Ephesians 2:10 na ang mabubuting gawa na ating dapat lakaran ay hinanda na ng Diyos sa simula pa lamang at ang mga ito ay nakapaloob sa original mandate na ating tinanggap sa Garden of Eden - - ang pagpaparami ng ating lahi, pagbubungkal ng lupa at pamamahala ng mga isda, ibon at hayop dito sa mundo. Kung hindi ito ang ating pinananaligan, ano man ang ating gawin ay hindi makapagdudulot ng kasiyahan sa Diyos; samakatuwid, ito ay hindi mabuti.

***Multiple Choice*:**

1. Alin ang tamang statement?
    a. Ang Big Bang Theory at Theory of Evolution ay hindi nakabase sa *Facts* kundi sa haka-haka lamang ng mga secular scientists.
    b. Lahat ng religion sa mundo ay pare-pareho ang itinuturo tungkol sa Creation Science.
    c. Ang creation account mula sa Bibliya ay suportado ng mga scientific na pagpapaliwanag tulad ng 24-hour rotation ng Earth at 365-day revolution nito around the sun.

2. Alin ang tamang statement?
    a. Lahat ng religion sa mundo ay kinikilala ang tatlong persona ng Diyos na lumikha ng langit at lupa.
    b. Lahat ng tao sa mundo ay kumikilala sa creator-god.
    c. Ang Bibliya lamang ang nagtuturo na ang creator-god ay nabubuhay eternally in three persons.

3. Alin ang tamang statement?
    a. Ang Diyos ng lahat ng religion sa mundo ay nagtuturo ng tama pagdating sa sino ang may likha ng sansinukob.
    b. Ang paniniwala na hindi nakikialam ang Creator-God sa affairs of this world ay tama.
    c. Ang Creator God ng Bibliya ay gumagabay sa buhay ng tao.

4. Alin ang tamang statement?
    a. Ang pagpapakilala sa Diyos ng lahat ng religion sa mundo ay pawang tama.
    b. Ang Diyos ng Bibliya ay nagpahayag ng mga gabay kung paano maging mabuting tao at mamuhay ng tama.
    c. Itinuturo ng Bibliya na si Jesu Cristo ay nilikha ng Diyos Ama.

5. Alin ang tamang statement?
    a. Ang lahat ng mabubuting tao ay magiging anghel pagkamatay nila.
    b. May plano ang Diyos sa bawat buhay ng tao.
    c. Pagkalikha sa tao, ang sabi ng Diyos sa kanya ay, *Bahala ka sa buhay mo*.

6. Alin ang tamang statement?
    a. Ang pangyayari sa Garden of Eden ay literal na nangyari.
    b. Hindi dapat paniwalaan na ang nangyari sa Garden of Eden ay totoong naganap kundi ito ay kuwento lamang na dapat bigyang kahulugan ng bawat reader.
    c. Kung ano ang tama para sa reader, yun ang tama para sa kanya.

7. Alin ang tamang statement?
    a. Hindi lahat ng pagnanakaw ay kasalanan. Depende ito sa sitwasyon. Kung nagugutom ang pamilya ko, okay lang na magnakaw ako para sila mabuhay.
    b. Tama ang example ni Robin Hood – rob the rich and give it to the poor.
    c. Ang pagnanakaw ay labag sa utos ng Diyos kaya ito ay mali.

8. Kilala mo ba ang Diyos ng Bible? Piliin ang tamang statement.
    a. Sa tuwing ikaw ay nagdarasal, nakatuon ang pansin ng Diyos sa ganda ng mga salitang lumalabas sa iyong bibig.
    b. Sa tuwing ikaw ay nagdarasal or nagbibigay ng offering, and Diyos ay nakatingin sa iyong puso.
    c. Sa tuwing ikaw ay nagbibigay ng abuloy or offering sa iyong simbahan, ang Diyos ay nakatingin sa amount na iyong ibinigay.

9. Alin sa mga sumusunod ang tama?
    a. Pagpunta sa simbahan linggo-linggo habang nakatayo sa labas at nakikipagkwentuhan.
    b. Magdasal sa iba't-ibang patron saint depende sa pangangailangan or hinihiling bilang tagapamagitan mo sa Diyos.
    c. Sambahin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsambit ng iyong pag-ibig sa Kanya at pagbibigay-puri sa mga kamangha-mangha Niyang ginawa.

10. Ano ang tamang paraan ng paglilingkod sa Diyos?
    a. Ang pagbibigay ng offering sa simbahan na mula sa masamang gawain.
    b. Ang pagsasakatuparan ng mabubuting gawa na hinanda ng Diyos na may pagtitiwala sa Kanya.
    c. Ang pagdodonate ng gift packs sa nasalanta ng kalamidad habang nakasulat ang iyong pangalan sa bag na pinaglalagyan ng donation.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.